
Forest Foundation Philippines
Let's grow together.

PROJECT FOREST
Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together

EKOMUNIKATIB
Multimedia Consultancy Services

# TAKBO, TAKBO, BABOY-DAMO!

Kuwento ni Keith Anthony S. Fabro
Guhit ni Brian Kenneth C. Yatco



Karapatang-ari © 2024 Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services,
Keith Anthony S. Fabro at Brian Kenneth C. Yatco

Lahat ng karapatan ay reserbado.
Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring muling likhain sa anumang anyo nang walang pahintulot na nakasulat mula sa mga may-ari ng karapatan.

Unang Edisyon, 2024

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas
Inilathala ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services
Kapwa tagapaglathala: Forest Foundation Philippines, Puerto Princesa Subterranean River National Park (PPSRNP) Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, at USAID Sustainable Interventions for Biodiversity, Oceans, and Landscapes (SIBOL)

Manunulat: Keith Anthony S. Fabro
Patnugot: Jee Y. Geronimo
Tagaguhit: Brian Kenneth C. Yatco
Tagalapat: Edrich Q. Pasamonte

Mga Tagasuri:

*PPSRNP Management Office*
**Elizabeth A. Maclang** - Protected Area Superintendent
**Jan Elmer I. Badilla** - CEPA Chief
**Jacinth D. Mabayag** - CEPA Specialist
**Allan Brix E. Madrona** - CEPA Specialist

*Forest Foundation Philippines*
**Joanne Chua** - Project Officer for SIBOL
**Ana Veronica Gabriel** - Palawan Landscape Coordinator
**Bryan Joel Mariano -** Knowledge Management Specialist
**Schenley Anne Belmonte -** Communications Specialist
**Mary Janelle Regina Uy** - KM/Comms Associate

*USAID SIBOL*
**Jocelyn Caseres** - Palawan Site Team Lead
**Mickel Ollave** - PPSRNP SECOMO
**Lorelie Astrera** - GYESI Specialist
**Jo Javan Cerda** - Communications Specialist
**Wulmar Cerio** - Technical Writer
**Alan Kristofer Motus -** Media & Program Coordinator

*Palawan Council for Sustainable Development Staff*
**Kishia Grace P. Lilang-Hardiolen** - PDO II
**Atty. Ira A. Dela Rosa** - Attorney III

*Tagbanua Central Indigenous Cultural Communities*
**Servillano F. Lumibao -** Tribal Chief, CADC Cabayugan
**Eliseo F. Rodrigo -** IP Representative, CADC Kayasan
**Leon L. Quilan -** IP Representative, Bgy. Marufinas
**Midardo F. Rodrigo-** President, SATRIKA

*DepEd Puerto Princesa City Divison*
**Laida M. Lagar-Mascareñas, CESE**
OIC, Schools Division Superintendent

**Rufino B. Foz**
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

**Cyril C. Serador, PhD**
Chief, Curriculum Implementation Division

**Sheila B. Tindog, PhD** - EPS (LRMS Manager)
**Glenda A. Almeniana** - EPS (English)
**Luis R. Mationg** - EPS (Filipino)
**Rolando A. Taha, PhD** - EPS (Science)
**Dennis M. Lucas, PhD** - EPS (TLE)
**Antonieta C. Miguel** - EPS (Values Education)
**Imelda C. Oblan -** PSDS IPED Focal Person
**Eva Joyce C. Presto** - PDO II
**Rhea Ann A. Navilla** - Librarian II

*Division Learning Resource Evaluators*
**Enrile O. Abrigo, Jr.** - Editor (Language)
**Jim Paul M. Belgado** - Editor (Language)
**Daniel C. Tabinga, Jr.** - Illustrator
**Jay M. Maravilla** - IPR
**Liezl O. Arosio** - Layout Artist

Ang aklat na ito ay ginawa sa ilalim ng Project Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together (FOREST), isang *environmental education initiative* na nakatuon sa mga kabataan sa PPSRNP. Ang proyekto ito ay pinondohan ng Forest Foundation Philippines (pumapasok sa komersyo bilang Philippine Tropical Forest Conservation Foundation, Inc.), at ipinatupad ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services, katuwang ang PPSRNP Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, USAID SIBOL at Palawan State University College of Arts and Humanities Extension Services Office.

# Takbo, Takbo, Baboy-Damo!

Kuwento ni Keith Anthony S. Fabro
Guhit ni Brian Kenneth C. Yatco



Tuwing namumunga ang mga punongkahoy sa Puerto Princesa Subterranean River National Park, nagsisilabasan din para manginain ang mga Palawan *bearded pig* o baboy-damo gaya ng mag-inang si Berta at Bel.

Mahalaga ang mga baboy-damo gaya nina Nanay Berta at Bel sa pagpapanatili ng kapal ng kagubatan ng parke. Ginawa sila ng Diyos para magbungkal ng lupa na siyang nahahaluan naman ng kanilang dumi, dahilan para maging mataba ito.



"Anak, hayun, kainin mo," wika ni Nanay Berta kay Bel, habang itinuturo ang nguso sa mga nalaglag na samu't saring prutas, gaya na lamang ng bunga ng balete, *balisangkad* (rambutan), at nato.

"Salamat, Nanay, talagang gutom ako ngayon at gusto kong kumain nang marami para lumaki ako agad," masayang tugon ng batang baboy-damo.





May kasamang buto ng punongkahoy ang kanilang mga dumi, kaya naman sa kanilang paglalabas nito at paggala-gala sa kagubatan, naikakalat nila ito, at ilang araw lamang ay may tumutubo na ulit na mga bagong punongkahoy.

"Nakikita mo ba ang matataas na punongkahoy na iyan?" ani Nanay Berta. "Ilan lamang iyan sa mga sumibol sa tulong ng ating mga ninuno."

"Aba! Napakalaki po nila, nakakabilib naman," pagkamangha ng batang baboy-damo. "Gusto ko ring makatulong sa pagpapakapal ng kagubatan na ating tinitirahan."





Ngunit ang masayang pag-uusap ng mag-ina ay napalitan ng lumbay. "Anak, ang ating uri ay nanganganib nang maubos dahil sa labis na paghuli at pagbebenta sa atin para gawing karne," babala ni Nanay Berta.

Biglang naalala ng bata ang kaniyang ama na nawala sa piling nila matapos nitong mahuli. "Nanay, pangako mo hindi mo ako iiwan ha?"

"Oo naman anak, hindi ako aalis sa tabi mo."



Sa mapunong pamayanan ng mga katutubong Tagbanua, pansamantalang nagpapahinga ang *panglima* (pinuno) na si Mang Baldo mula sa pangongolekta ng *bagtik* (dagta ng almasiga), yantok, at pulot-pukyutan na kanilang kabuhayan sa kagubatan.

Sa likod-bahay, makikita siyang nag-aalay ng *mama* na kulay pula-kahel ang balat at ang buto ay nginunguya. Inilagay niya ito sa isang lamesa para sa mga taong-gubat na hindi nakikita.







"Tanggapin ninyo ang alay na ito," sabi ni Mang Baldo, habang pinagmamasdan ng anak niyang si Benny ang pagriritwal ng ama. "Kung maaari, bigyan ninyo kami ng baboy-damo na maipanghahanda."

Batay sa kulturang Tagbanua, ang panghuhuling ito ni Mang Baldo ay ginagawa lamang sa loob ng kanilang lupaing ninuno. Ang mahuhuli niya ay para lamang sa pangkain ng kaniyang pamilya, lalo na kapag may mga pagdiriwang, at hindi para pagkakitaan gaya ng ginagawa ng iba.

Naniniwala sila na kapag sumobra ang panghuhuli nito, maaari silang singilin ng mga tagapagbantay nitong espiritung gubat sa pamamagitan ng mga sakit gaya ng pagdudugo ng ilong, pagtatae, at iba pa na kapag hindi naagapang gamutin ay maaaring mauwi sa kamatayan.



Kailangang mangaso ngayon ni Mang Baldo dahil kinabukasan na ang ikalabing-isang kaarawan ni Benny. Masipag mag-aral ang bata, at siya ang kauna-unahang makapagtatapos ng elementarya sa kanilang pamilya.

Matapos ang paghahandog, tumungo na si Mang Baldo sa mayabong na kagubatan ng parke. May dala siyang matalim na sibat para mahuli ang hayop.

Sa paglalakad niya sa kabundukan, iba't ibang buhay-ilang ang kaniyang namataan. May mga tandikan at kalaw na ibon, unggoy, balintong, bising, binturong, pagong, pantot, at marami pang iba.

Ang lahat ng ito ay namumuhay sa parke nang payapa at may kaniya-kaniyang papel na ginagampanan sa pagpapanatili ng balanse ng kapaligiran.





Samantala, si Benny ay naupo sa lilim ng punong Narra sa kanilang tahanan at nagmuni-muni. Naalala niya nang siya ay nasa paaralan nang minsang bumisita ang pamahalaan ng parke. Nagbahagi sila ng kaalaman tungkol sa mga pinaiiral na batas pangkalikasan.





"Ayon sa batas para ikonserba at proteksyonan ang mga buhay-ilang, hindi pinahihintulutan ang paghuli, pagpatay, at pagbebenta sa mga ito," paliwanag ni Ate Beth, ang pinuno ng parke.

"Kung ang paghuli, pagpatay, at paghahandog nito ay alinsunod sa pagriritwal bilang bahagi ng katutubong kultura, pinapayagan ito ng batas. Ngunit kailanman ay hindi pinapayagan ang pagbebenta nito."

Tumango ang mga bata bilang pagsang-ayon. Dahil mausisa si Benny, nagtaas siya ng kamay para magtanong, "Bakit po?"

Natuwa si Ate Beth sa bata at nakangiting sumagot ito. "Ayon sa mga pag-aaral, ang Palawan bearded pig o baboy-damo sa parke ay *endangered* na. Ibig sabihin, ang kanilang bilang sa ilang ay kakaunti na lang at nanganganib na silang mawala sa hinaharap.”







"Dahil ang mga baboy-damo ay endemiko sa ating lalawigan, kapag tuluyan na silang naubos at nawala, kailanma'y hindi mo na sila maibabalik pa."

Kung maglaho ang mga baboy-damo at iba pang mga buhay-ilang sa ating kagubatan, patuloy pa ni Ate Beth, hindi na nila magagampanan ang kanilang mga tungkulin.


“Dahil diyan, maaapektuhan din ang mga benepisyong hatid ng kagubatan sa ating mga tao, gaya ng sapat at ligtas na pagkain, malinis na tubig at hangin, proteksyon mula sa mga kalamidad, at kabuhayan gaya ng ekoturismo.”





Bumalik sa kamuwangan si Benny. "Kailangan kong magmadali para mapigilan si Tatay," aniya sa sarili. Tumayo siya at saka matuling binagtas ang kakahuyan para sundan si Mang Baldo.

Samantala, si Nanay Berta at Bel ay patuloy na nanginginain sa kagubatan. Bukod sa mga prutas, paborito rin nilang kainin ang ube, gabi, kamote, mais, at palay, kung kaya hindi rin nakapagtataka na sila ang pinakamalaking uri ng *wild pig* sa Pilipinas.



Abala at walang kamalay-malay ang mag-ina sa posibleng panganib na maaaring mangyari sa kanila. Namataan sila ni Mang Baldo.

"Salamat naman at dininig ninyo ang aking kahilingan," wika nito sa mga taong-gubat na hindi nakikita, habang ang kaniyang atensyon ay nasa inahing baboy-damo.



Itinutok ni Baldo ang sibat sa hayop at nang siya ay bumuwelo nang malakas, sumigaw si Benny. "Tatay! Huwag na po ninyong ituloy iyan."





Nagulat si Mang Baldo at napakawalan pa rin niya ang sibat. Gayunpaman, hindi ito tumama sa mag-inang baboy-damo at sa halip ay tumusok lamang sa prutas na kanilang kinakain.

"Takbo, takbo!" sigaw ni Nanay Berta sa anak habang mabilis silang kumaripas papalayo.




Nang makalapit si Benny kay Mang Baldo, tinanong siya ng ama, "Anak, ayaw mo bang magdiwang tayo ng iyong kaarawan at nalalapit na pagtatapos sa elementarya?"

"Gusto ko naman po na tayo ay magsaya, pero may iba pa naman pong mga paraan para ipagdiwang ang aking kaarawan," tugon ni Benny.



“Mas ikasasaya ko po kung ang baboy-damo at iba pang mga buhay-ilang ay mananatili sa ating kagubatan para patuloy pa silang makapagbigay-benepisyo sa atin at sa mga susunod pang henerasyon."


Namangha ang ama sa talas ng pag-iisip ng kaniyang anak at sa pagmamahal nito sa mga buhay-ilang. "Anak, natutuwa ako sa iyong ipinamalas ngayon. Sige, tayo na't umuwi sa atin."



Kinabukasan, kaarawan na ni Benny. Ipinaghanda siya ng kaniyang ina ng nilagang kamoteng baging at saging na inani mula sa kanilang *uma*. Kasama ng iba pang kaanak, nagbayo rin sila ng palay at saka isinaing ito.

Inihain ito kapares ng ginisang kalabasa, sitaw, talong, at iba pang mga gulay na kanilang sinahugan ng isda na huli sa masaganang karagatang sakop ng parke.

Matapos magpasalamat sa Diyos, masayang pinagsaluhan ng pamilya nina Benny ang handa nito.



Ilang araw pa ay sumapit na ang pagtatapos ng bata sa elementarya.

"At ang nagkamit ng mataas na karangalan, walang iba kundi si Benny," wika ng tagapag-anunsyo.

Masaya siya at ang kaniyang mga magulang nang tumungo sa entablado para sa pagsasabit ng medalya.






"Pagbati sa iyo, Benny, at sa iyong ina at ama," sambit ni Ate Beth, na isa sa mga panauhin sa pagtatapos. Ngiti naman ang itinugon sa kaniya ng buong mag-anak.



Samantala, sa kagubatan, sina Nanay Berta at Bel ay patuloy na masaya at payapang namumuhay.

"Nanay, salamat at nakaligtas tayo," sabi ng batang baboy-damo. "Maaari pa rin pala tayong magtiwala sa kabutihan ng mga tao."




Sa ***Takbo, Takbo, Baboy-damo!*** *ay tampok ang Palawan bearded pig na tumutulong sa pagpapakapal ng kagubatan. Sa pamamagitan ng kanilang nguso, binubungkal ng mga baboy-damo ang lupa, dahílan para sumibol at lumago ang mga punungkahoy. Sa kwentong ito, makikilala ng mga batang mambabasa ang mag-inang baboy-damo na sina Berta at Bel. Matutuklasan ng mga bata ang masamang epekto ng iligal na paghuhuli at pagbebenta ng mga baboy-damo. Kanila ring makikilala si Benny, isang bata mula sa hanay ng katutubong Tagbanua, na siyang hihikayat sa kanila na iligtas ang mga baboy-damo alinsunod sa mga batas pangkalikasan ng bansa. Sa huli, patuloy bang makakatakbo nang masaya at malaya sina Berta at Bel sa kagubatan ng Puerto Princesa Subterranean River National Park?*



***Si Keith Anthony S. Fabro, LPT*** *ay isang mamamahayag, guro, at mananaliksik na nakatuon sa agham pangkalikasan. Natapos niya ang kaniyang BA Mass Communication Journalism major (Cum Laude) sa Palawan State University noong 2015 bilang isang iskolar ng Commission on Higher Education. Ang mga likhang pamamamahayag niya ay mababasa at mapanonood sa Palawan News, Rappler, Mongabay, Dialogue Earth, Eco-Business at Channel News Asia. Siya ay tumanggap na ng pangnasyonal at internasyonal na mga parangal tulad ng Agriculture Journalist of the Year Award noong 2022 mula sa Philippine Agricultural Journalists Inc., at Excellence in Environmental Reporting Award noong 2020 at 2022 mula sa Society of Publishers in Asia.*



*Si* ***Brian Kenneth C. Yatco*** *ay isang artist at graphic designer na nakabase sa Palawan na ang adhikain ay bumuo ng isang masigla at inklusibong komunidad ng mga manlilikha. Bilang isang full-time freelance artist, nagbibigay siya ng mga de-kalidad na disenyo na nakakatulong sa iba't ibang negosyo at personal na proyekto. Sa kasalukuyan ay pangunahing gumagamit siya ng digital art at gumagawa ng mga pasadyang ilustrasyon. Sa kolehiyo, siya ay maraming beses na kinilala bilang awardee sa pangnasyonal at rehiyonal na mga patimpalak sa Literary Graphics, Comic Strip at Editorial Cartooning. Bilang pagpapatuloy sa kanyang pagmamahal sa sining, nagsasagawa siya ng workshops sa mga lokal na paaralan at unibersidad upang tulungang hubugin ang malikhaing pag-iisip ng mga kabataan.*

**SA PAKIKIPAGTULUNGAN NG**

Department of Education Division of Puerto Princesa City · City of Puerto Princesa · Puerto Princesa Subterranean River National Park · College of Arts and Humanities Extension Office · Department of Environment and Natural Resources · BFAR · PCSD · USAID From the American People · RTI International · Center for Conservation Innovations · Forest Foundation Philippines · REECS · ZSL

*Para sa mga komento at mungkahi, maaari mag-email sa Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services sa* ***ekomunikatibmultimedia@gmail.com****. Sundan ang* ***Project FOREST (@projectforestph)*** *sa Facebook para sa mga update at higit pa!*